**Ayon kay Rifa-ah bin Ra`fie Azzarqa,at siya ay kabilang sa mga kasamahan ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagsabi:Dumating ang isang lalaki at ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay naka-upo sa Masjid.Nagdasal ito ng malapit sa kanya,pagkatapos ay pumunta siya at bumati sa kanya,Nagsabi ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:Ulitin mo ang pagdasal mo,sapagkat hindi ka nakapag-dasal,Nagsabi siya: Bumalik siya at nagdasal tulad ng pagdarasal niya,pagkatapos ay pumunta siya sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at sinabi niya sa kanya:Ulitin mo ang pagdasal mo,sapagkat hindi ka nakapag-dasal" Nagsabi siya: O Sugo ni Allah,ituro mo sa akin kung paano ang gagawin ko,Nagsabi siya:" Kapag nakaharap ka sa Qiblah,ay bigkasin mo ang Allahu Akbar,pagkatapos ay basahin mo ang Ummul Qur-an(Fatihah),pagkatapos ay basahin mo ang kahit anong nais mo,kapag yumuko ka,ilagay mo ang dalawang palad mo sa dalawang tuhod mo,ituwid mo ang iyong likod at manatili ka sa pagyuko mo,kapag itinaas mo ang ulo mo,ituwid mo ang gulugod mo hanggang sa bumalik ang mga buto sa kasukasuan**

**nito,at kapag nagpatirapa ka,manatili ka sa pagtirapa mo,at kapag itinaas mo ang ulo mo,umupo ka sa hita mong kaliwa,pagkatapos ay gawin mo ito sa bawat pagyuko at pagpatirapa.Musnad ni Imam Ahmad.At sa isang salaysay:((Tunay na hindi magiging ganap ang dasal ng isa sa inyo hanggang sa maging ganap sa kanya ang Wudhu tulad ng ipinag-utos sa kanya ni Allah-kamahal-mahalan siya at kapita-pitagan,huhugasan niya ang mukha nito at kamay nito hanggang sa dalawang siko,at hahaplusin niya ang ulo nito at dalawang paa nito hanggang sa bukong-bukong,pagkatapos ay bigkasin niya ang Allahu Akbar at purihin niya Siya,pagkatapos ay magbasa siya ng Qur-an,sa anumang ipinahintulot sa kanya dito at magaan,pagkatapos ay bigkasin niya ang Allahu Akbar at magpatirapa siya at panatilihin niya ang mukha nito-at siguro ay nagsabi siya: Ang Noo nito sa lupa-hanggang sa mapanatag sa mga kasukasuan nito at makapag-pahinga,pagkatapos ay bigkasin niya ang Allahu Akbar at tumuwid siya na naka-upo sa inu-upuan niya at ituwid niya ang gulugod nito.Inilarawan niya na ganito ang pagdarasal sa apat na tindig,pagkatapos,hindi magiging ganap ang dasal ng isa sa inyo hanggang sa gawin niya ito,Sunan Abe Dawud, At sa isang salaysay:((Mag wudhu ka tulad ng ipinag-utos sa iyo ni Allah- kapita-pitagan at kamahal-mahalan,pagkatapos ay**

**magsagawa ka ng Tashahhud,tumindig ka pagkatapos ay bigkasin mo ang Allahu Akbar,At kung may naisa-ulo ka sa Qur-an ay basahin ito,At kung wala ay bigkasin ang Alhamdulillah at Allahu Akbar at La Ilaha Illa Llah)) Sunan Abe Dawud**

Ayon kay Rifa-ah bin Ra`fie Azzarqa,at siyay kabilang sa mga kasamahan ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagsabi:Dumating ang isang lalaki at ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay naka-upo sa Masjid.Nagdasal ito ng malapit sa kanya,pagkatapos ay pumunta siya sa Sugo ni Allah--pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at bumati sa kanya,Nagsabi ang Sugo ni Allah--pagpalain siya ni Allah at pangalagaan: Ulitin mo ang pagdasal mo,sapagkat hindi ka nakapag-dasal,Nagsabi siya: Bumalik siya at nagdasal tulad ng pagdarasal niya,pagkatapos ay dumating siya sa Sugo ni Allah--pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at sinabi niya sa kanya:Ulitin mo ang pagdasal mo,sapagkat hindi ka nakapag-dasal" Nagsabi siya: O Sugo ni Allah,ituro mo sa akin kung paano ang gagawin ko,Nagsabi siya:" Kapag nakaharap ka sa Qiblah,ay bigkasin mo ang Allahu Akbar,pagkatapos ay basahin mo ang Ummul Qur-an(Fatihah),pagkataposay basahin mo ang kahit anong nais mo,kapag yumuko ka,ilagay mo ang dalawang palad mo sa dalawang tuhod mo,ituwid mo ang iyong likod at manatili ka sa pagyuko mo,kapag itinaas mo ang ulo mo,ituwid mo ang gulugod mo hanggang sa bumalik ang mga buto sa kasukasuan nito,at kapag nagpatirapa ka,manatili ka sa pagtirapa mo,at kapag itinaas mo ang ulo mo,umupo ka sa hita mong kaliwa,pagkatapos ay gawin mo ito sa bawat pagyuko at pagpatirapa.Musnad ni Imam Ahmad.At sa isang salaysay:((Tunay na hindi magaganap ang dasal ng isa sa inyo hanggang sa maganap niya ang Wudhu tulad ng ipinag-utos sa kanya ni Allah-kamahal-mahalan siya at kapita-pitagan,huhugasan niya ang mukha nito at kamay nito hanggang sa dalawang siko,at hahaplusin niya ang ulo nito at dalawang paa nito hanggang sa bukong-bukong,pagkatapos ay bigkasin niya ang Allahu Akbar at purihin niya Siya,pagkatapos ay magbasa siya ng Qur-an,sa anumang ipinahintulot sa kanya dito at magaan,pagkatapos ay bigkasin niya ang Allahu Akbar at magpatirapa siya at panatilihin niya ang mukha nito-at siguro ay nagsabi siya: Ang Noo nito sa lupa-hanggang sa mapanatag sa mga kasukasuan nito at makapag-pahinga,pagkatapos ay bigkasin niya ang Allahu Akbar at tumuwid siya sa pag-upo sa inu-upuan niya at ituwid niya ang gulugod nito.Inilarawan niya na ganito ang pagdarasal sa apat na tindig,pagkatapos,hindi magiging ganap ang dasal ng isa sa inyo hanggang sa gawin niya ito,Sunan Abe Dawud, At sa isang salaysay:((Mag wudhu ka tulad ng ipinag-utos sa iyo ni Allah-kamahal-mahalan siya at kapita-pitagan,pagkatapos ay magsagawa ka ng Tashahhud,tumindig ka pagkatapos ay bigkasin mo ang Allahu Akbar,At kung may naisa-ulo ka sa Qur-an ay basahin ito,At kung wala ay bigkasin ang Alhamdulillah at Allahu Akbar at La Ilaha Illa Llah))

[Maganda] [Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud]

Ang hadith na ito ay napag-alaman sa hadith nang nag-aabuso sa pagdarasal nito,at ito ay

sanggunian ng pagpapaliwanag sa pagpapahayag nang paglalarawan ng pagdarasal sa mga haligi nito,at mga obligado nito,at mga kondisyon nito,na kung saan ay ipinahayag ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang paksa sa layunin ng pagtuturo at pagpapahayag sa mga gawain ng pagdarsal,na kung saan ay inobliga ang pagsasagawa rito,at isinasa-alang-alang ang alinmang naiwanan sa hadith na ito mula sa mga gawain niya ay hindi naging obligado.At sa kabuuan ng Hadith na ito; Katunayan na ang Propeta pagpalain siya n Allah at pangalagaan- ay pumasok sa masjid,Pumasok ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa Masjid,Pumasok ang isang lalaki mula sa kasamahan ng propeta,ang pangalan niya ay (Khallad bin Ra`fei),Nagdasal siya ng dasal na magaan na hindi kompleto ang mga gawain at mga sasabihin.At nang matapos sa pagdarasal niya,Dumating siya sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,bumati siya sa kanya,at sinagot siya -sumakanya ang pangangalaga-pagkatapos ay sinabi niya sa kanya: Bumalik ka at magdasal ulit,dahil ikaw ay hindi nakapag-dasal,Bumalik siya at ginawa niya ang dasal nito sa ikalawa.tulad ng ginawa niya sa dasal nito na una,Pagkatapos ay dumating siya sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, at sinabi niya sa kanya: Bumalik ka at magdasal ulit,dahil ikaw ay hindi nakapag-dasal-pangatlong beses-At sumumpa ang lalaki sa sinabi nito:At Sumpa sa Nagpadala sa iyo sa katotohanan,wala ng mas maganda pa maliban sa ginawa ko,turuan mo ako:At nang siya ay maghangad ng kaalaman,at minithi ng kanyang sarili ito,at nakahanda siya na tanggapin ito,pagkatapos ng mahabang pag-uulit.Nagsabi sa kanya ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,sa kahulugan nito:Kapag ikaw ay tumindig sa pagdarasal; bigkasin mo ang Takbeeratil Ihram na Allahu Akbar,pagkatapos ay magbasa ka ng pinaka-madali sa iyo mula sa Qur-an,pagkatapos mo magbasa sa Kabanata ng Al-Fatihah,pagkatapos ay yumuko ka hanggang sa maging mapanatag ka sa pagyuko,pagkatapos ay bumangon ka mula sa pagyuko hanggang sa tumuwid ka sa pagtayo at maging mapanatag ka sa pagtuwid mo,pagkatapos ay magpatirapa ka hanggang sa mapanatag ka sa pagpatirapa,pagkatapos ay bumangon ka mula sa pagpatirapa,at umupo ka hanggang sa mapanatag ka sa pag-upo,at gawin mo ang mga gawain na ito at mga salita sa lahat ng pagdarasal mo,maliban lang sa Takbiratil-Ihram,sapagkat ito ay sa unang tindig lamang,wala ng liban pa dito mula sa mga tindig.At tiningnan sa mga salasay na iba,ang mga ilan sa mga kondisyon sa pagdarasal tulad ng pagharap sa Qiblah at ang paglilinis(Al-Wudhu)



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee